714

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 29, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Narciso A. Cayos | ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |
| Kgg. Bryan R. Lateo | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

KAPASIYAHAN BLG. 017-T'07

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2007 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T2007 NG BARANGAY POBLACION I NA NAGPAPATIBAY NG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO ANIMNARAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P135,692.60).

SAPAGKA'T, may mga binalangkas na programa, , proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay Poblacion I para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Poblacion I.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Alan T. Pamatmat at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T2007 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 01-T2007 ng Barangay Poblacion I na nagpapatibay ng Annual Investment Plan (AIP) na nagkakahalaga ng P135,692.60.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: KGG. NARCISO A. CAYOS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan